# Polio mass immunization, sinimulan na sa QC

Pormal nang sinimulan kahapon ng Quezon City government ang pagsasagawa ng polio mass immunization kaugnay sa pagsuporta sa pagdiriwang ng polio day sa ating bansa.

Kahapon, libong mga paslit mula sa Brgys. Batasan Hills, Bagong Silangan, Payatas, Commonwealth at Holy Spirit ang unang nabigyan ng polio vaccine ng mga opisyales ng QC kasama ang Department of Health –National Capital Region at Rotary International District 3780.

Ayon kay Dra. Corazon Flores, head ng DOH-NCR, may 67,000 paslit sa bawat barangay ang target na bigyan ng polio vaccine o may kabuuang 271,000 paslit sa buong Quezon City.

Pinangunahan ni QC Mayor Joy Belmonte ang pag-iikot sa ibat-ibang lugar para sa mass vaccine. *(Angie dela Cruz)*